Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-10 NG PEBRERO, 1997, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 017-T'97

KAPASIYAHANG KINIKILALA BILANG ISANG SIMPLENG SABDIBISYON ANG LUPANG PAG-AARI NI GNG. VALENTINA V. CANTOS NA MATATAGPUAN SA BARANGAY SAN JOSE NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Valentina V. Cantos, na mapaunlad bilang isang simpleng sabdibisyon ang lupang kanyang pag-aari na may sukat na 4,580 metro kuwadrado sa may Barangay San Jose ng bayang ito;

SAPAGKA'T, ang nasabing lpa ay kasalukuyang nahahat sa 20 lote upang magamit bilang lupang residensyal;

SAPAGKA'T, ito ay naaayon at sumusunod sa Land use Plan at batas sa Zoning para sa bayang ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison, at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na kilalanin bilang isang simpleng sabdibisyon ang lupang pag-aari ni Gng. Valentina V. Cantos na matatagpuan sa Barangay San Jose ng bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUOD:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan